Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagkilala sa Pang-abay na Panang-ayon at Pananggi

Kakayahan: Natutukoy ang mga pang-abay na panang-ayon o pananggi sa pangungusap

Salungguhitan ang pang-abay na panang-ayon o pang-abay na pananggi sa bawat bilang. Isulat sa patlang ang mga titik **PA** kung ang pang-abay ay panang-ayon at **PN** naman kung ito ay pananggi.

_____ 1. Oo, natapos ko ang lahat na gawaing ibinilin sa akin.

_____ 2. Ang batang ayaw umamin ng maling gawain ay nagsisisi.

_____ 3. Marahil akala nila na nakauwi ka na kaya hindi sila nag-alala.

_____ 4. Talagang mahirap maghanap ng trabaho sa panahong ito.

_____ 5. Huwag kang maniwala sa lahat ng naririnig o nababasa mo.

_____ 6. Maniwala ka sa akin. Ang liham na ito ay totoong isinulat ni Carlito para sa iyo.

_____ 7. Pinangako niya na hinding-hindi na siya maninigarilyo.

_____ 8. Dalhin natin ang mapa ng siyudad dahil ayaw kong maligaw tayo.

_____ 9. Pagdating ko sa Maynila, tiyak na agad akong makakahanap ng trabaho.

_____ 10. Sinu-sino sa inyo ang hindi sang-ayon sa sinabi ng pangulo?

_____ 11. Bilin ni Bb. Morales na huwag mag-ingay habang kausap niya ang punong-guro.

_____ 12. Tunay na pinaghirapan ng mga mag-aaral ang pagsasaliksik tungkol sa pagsakop ng mga Hapones.

_____ 13. Sadyang pinilit ni Don na makipagkilala sa magandang babae.

_____ 14. Oo nga, mukhang daraan sa lalawigan natin ang bagyo mula sa Karagatang Pasipiko.

_____ 15. Hinding-hindi nila malilimutan ang mga karanasan nila sa ibang bansa.

© 2014 Pia Noche